Gusto ba ninyong sabihin ko sa inyo ang tungkol sa tatlong kalalakihan?:Ang isa sa kanila ay umupo [upang makinig sa pag-aalaala] sa Allah,Kaya't ipinagkaloob ni Allah sa kanya [Ang kainaman at gantimpala ng pag-upong ito], At ang iba naman ay nahiya, Kaya't Nahiya si Allah sa kanya,habang ang iba naman ay tumalikod, Kaya't tinalikuran din siya ni Allah

Ayon kay Abē Wāqed Al-Hārith bin 'Awf -malugod si Allah sa kanya-Tunay na ang Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-habang siya ay naka-upo sa loob ng Masjid,dumating sa kanya ang tatlong kalalakihan,lumapit ang dalawa sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at umalis ang isa.Tumayo ang dalawa sa Halaqah ng Sugo ni Allah -pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- Ang isa kanila ay nakakita ng bakante sa Halaqah,kaya umupo siya rito,at ang ikalawa ay umupo sa likod nila,at ikatlo ay tumalikod at umalis.At nang matapos ang Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Nagsabi siya:((Gusto ba ninyong sabihin ko sa inyo ang tungkol sa tatlong kalalakihan?:Ang isa sa kanila ay umupo [upang makinig sa pag-aalaala] sa Allah,Kaya't ipinagkaloob ni Allah sa kanya [Ang kainaman at gantimpala ng pag-upong ito], At ang iba naman ay nahiya, Kaya't Nahiya si Allah sa kanya,habang ang iba naman ay tumalikod, Kaya't tinalikuran din siya ni Allah))

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Sa Hadith na ito,Tunay na ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay naka-upo sa loob ng Masjid,habang kasama niya ang mga tao,Dumating ang tatlong kalalakihan,Lumapit ang dalawa sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at umalis ang isa.Tumayo ang dalawa sa Halaqah [lugar na pinagpupulungan] ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan,Subalit ang isa sa kanila,ay nakakita ng bakanting lugar sa pinagpupulungan,at umupo siya rito.Ang Halaqah,ay mga lalaking naka-upo ng pabilog sa harap ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at ang ikalawa,ay umupo sa likod nila,at ang ikatlo ay bumalik at lumabas.At nang matapos ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa pagsasalita niya-sa kinaroroonan niya.,Nagsabi siya sa kanyang mga kasamahan; Gusto ba ninyong sabihin ko sa inyo ang tungkol sa tatlong kalalakihan: Ang isa sa kanila ay umupo [upang makinig sa pag-aalaala] para sa Allah,kaya`t ipinagkaloob ni Allah sa kanya [Ang kainaman at gantimpala ng pag-upong ito].Ibig sabihin ay umupo siya sa bakanting lugar upang makinig ng pag-aalaala sa Allah,kaya`t ipinagkaloob ni Allah sa kanya,ang kainaman ng pinagpalang pagpupulong na ito,At ang ikalawa ay

nahiya,kaya`t Nahiya si Allah sa kanya;Ibig sabihin ay,Pinili niya ang hindi makipagsisik-sikan,kaya umupo siya sa likod ng Halaqah,subalit hindi ipinagkait sa kanya ang mga pagpapala ng pagpupulong na ito,At ang iba ay tumalikod,kaya tinalikuran din siya ni Allah,Ibig sabihin ay umalis ng walang dahilan,kaya`t ipinagkait sa kanya ang mga pagpapala sa pagpupulong.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3005